# MAY BUNDOK DITO SI CLEOPATRA

ni Virgilio S. Almario

**MAY BUNDOK DITO SI CLEOPATRA**

ALAM BA NINYO na may tinatawag na Mount Cleopatra sa Filipinas? Nagulat din ako nang mabása sa diyaryo na isa sa pinakamataas na bundok natin ay ipinangalan na bantog at kontrobersiyal na Reyna ng Ehipto. Sino kayâ ang nagpangalan?

Ngunit ang higit na interesante ay ang balita na ang Mount Cleopatra ay tahanan para sa isang mayamang ekosistema—mula sa mayabong na kagubatan, dalisay na tubigan, at hanggang sa mga ilahas na hayop at halaman. Dahil nanganganib na maglaho, ang kaligiran nitóng umaabot sa 30,000 ektarya ay idineklarang protektadong pook. Umakit din ito ng mga pandaigdigang komunidad para sa preserbasyon at sa pangunguna ng Rainforest Trust ay nagtitipon ng pondo para mapangalaang ang bundok.

Ngayon pa lang, may natipon nang $203,950 donasyon ang Rainforest Trust at may mga biyolohistang nagsasaliksik sa mga di-karaniwang nilikhang matatagpuan sa Mount Cleopatra. May ulat na nakatagpo na ng ispesi ng Palawan toadlet na inakalang naglaho na. Kasáma sa mga hayop na dito lámang matatagpuan ang Palawan birdwing, isa sa pinakamalaking paruparo sa mundo at may pakpak na 20.32 sentimetro ang lapad. Nakatagpo na rin dito ng Palawan bearcat, Palawan peacock pheasant, Palawan flying squirrel, at marami pa.

Siyanga palá, tahanan din ang bundok ng mga Batak, isang

munting pangkating etniko na umaabot na lámang ang miyembro sa 200. Bahagi ng pangangalaga sa bundok ang pag-aalaga sa pangkating ito na nabubuhay sa pangangaso at pangunguha ng pagkaing-gubat.

Ngunit naisip ko, ano kayâ ang pangalan para sa mga Batak ng kanilang bundok? Ano rin kayâ ang orihinal na pangalan ng Palawan toadlet o ng Palawan birdwing? Marahil, higit nating pahahalagahang tunay na katutubo ang sinasabing 31 ispesi ng hayop na natagpuan kung tatawagin ang mga ito sa wikang Batak. Sa ngayon at dahil sa pangalang Ingles, parang mga hayop itong Amerikano at naligaw lámang sa Palawan.

Kahit nga ang Mount Cleopatra ay agad mong iisiping isang bundok sa Gitnang Silangan.

*Bilang pag-uulit, nais kong ipagpauna na ang lahat ng mababása ninyo dito ay sarili kong opinyon at hindi sa KWF, maliban kung isaad ko. Nakabukás din ako sa anumang nais itanong bukod sa nais ipanukala ng mambabása. Nais kong makipag-usap sa mga alagad ng wika.*